# SAN FRANCISCO FIRE DEPARTMENT
# Pahayag ng mga Palakad Tungkol sa Pribiledad

**ANG PAHAYAG NA ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANONG ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO AY MAAARING MAGAMIT AT MAIPAALAM AT KUNG PAANO MONG MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO. MANGYARING PAG-ARALANG MULI ITO NG MABUTI.**

Ang San Francisco Fire Department, ang mga opisyal, mga ahente at mga empleyado nito ay hinihingi ng batas na mapanatili ang pagka-pribado ng ilang protektadong pangkalusugang impormasyon, bigyan ka ng pahayag tungkol sa mga legal na tungkulin at mga palakad nito tungkol sa pribiledad hingil sa iyong protektadong pangkalusugang impormasyon at sumunod sa mga hinihingi ng pahayag na kasalukuyang may bisa.

Maaaring gamitin ng San Francisco Fire Department ang iyong protektadong pangkalusugang impormasyon para sa layuning pagpapagamot, pagbabayad at/o pamamalakad sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga layuning ito ay ipinapaliwanag sa mga sumusunod:

**Pagpapagamot:** Anumang komunikasyon sa pamamagitan ng salita, sulat, o elektroniko na ipinahatid sa sistemang 911 tungkol sa iyong medikal na kalagayan at ilang impormasyon tungkol sa iyong pagkatao tulad ng iyong pangalan at tirahan. Anumang komunikasyon sa pamamagitan ng salita, sulat, o elektroniko tungkol sa pagpapagamot na ipinagkaloob sa iyo ng kagawaran na ipinaabot sa ibang mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan (na kinabibilangan ng kawani ng ospital, mga manggagawa na may kaugnayan sa kalusugan ng pag-iisip, mga kawani na nagbibigay ng serbisyong proteksiyon sa may sapat na gulang o bata at mga medikal na empleyado na nagpapatupad ng batas).

**Pagbabayad:** Anumang paraan, palakad at/o kilos na kailangan upang makuha ang bayad para sa mga serbisyong ibinigay ng mga kawani ng San Francisco Fire Department tulad ng pagpapasiya ng pangangailangan sa paggamot, pagbibigay ng kahilingan sa tagapaghatid ng seguro, pagsubaybay at pag-uulat sa mga nakolektang kuwenta at paniningil sa mga hindi pa nababayarang kuwenta.

**Pamamalakad sa Pangangalaga ng Kalusugan:** Ang tuluy-tuloy na pagpapaunlad sa kalidad ng mga aktibidad, mga programa sa pagsasanay na makakasiguro ng kalidad ng mga serbisyong ibinibigay, pagsuri sa opinyon ng mga pasyente tungkol sa serbisyo ng kagawaran at ang pagbuo ng mga ulat estatistika (na hindi naglalaman ng pagkakakilanlan ng sarili).

Ang San Francisco Fire Department ay maaring gamitin at ipaalam ang protektadong pangkalusugang impormasyon sa ibang pagkakataon na pinapayagan at hinihingi ng batas ng Estado at ng Pederal, kinabibilangan nguni't hindi limitado sa mga sumusunod: ang pagkakakilanlan ng taong namatay o ang dahilan ng pagkamatay ng nasabing tao para sa layuning pagsisiyasat ng Medical Examiner; limitadong pagpapatupad ng batas upang makilala at/o matunton ang suspek, o mapigil ang isang krimen; anuman at lahat ng programa, gawain o kilos na may kinalaman sa pambayang seguridad at pagtatanggol; klinikal na pangangasiwa ng pangkasalukuyang sistema ng pangangalaga ng kalusugan; medikal-legal na proseso na hinihingi ng korte o isang utos mula sa namamahalang sangay o pagsagot sa isang utos ng hukuman o subpena.

Ang lahat ng ibang paggamit at pagpapahayag ng protektadong pangkalusugang impormasyon ay gagawin lamang kung ikaw ay may nakasulat na pahintulot. Kabilang dito ang mga kahilingan na iyong ginawa upang ipahayag ang iyong protektadong pangkalusugang impormasyon diretso sa iyong abogado o iba pang awtorisadong organisasyon. Mayroon kang karapatan na pawalang-bisa ang pahintulot sa anumang oras, sa pamamagitan ng sulat, maliban kung ang impormasyon ay nagamit o naipaalam na batay sa naunang pahintulot. Sa kaso ng paglabag sa hindi nakasegurong protektadong pangkalusugang impormasyon, ang San Francisco Fire Department ay may tungkulin na ipaalam sa mga indibiduwal na apektado ng paglabag ayon sa inaatas ng batas.

PROTEKTADONG PANGKALUSUGANG IMPORMASYON AT MGA KARAPATAN NG PASYENTE

IKAW AY MAY KARAPATAN na makuha, masiyasat at gumawa ng kopya ng iyong protektadong pangkalusugang impormasyon. Ang pagkuha, pagsiyasat at pagkopya ng iyong protektadong pangkalusugang impormasyon ay kailangang mangyari sa panahon na sang-ayon sa lahat ng partido at ang impormasyon ay nakatakda lamang sa protektadong pangkalusugang impormasyon ng pasyente.

IKAW AY MAY KARAPATAN na baguhin ang iyong protektadong pangkalusugang impormasyon. Gayon man, kami ay hindi kailangang sumunod sa iyong kahilingan kung sa paniniwala namin ay tama at wasto ang iyong impormasyon.

IKAW AY MAY KARAPATAN sa paliwanag tungkol sa mga di pangkaraniwang paggamit at pagpapahayag ng iyong protektadong pangkalusugang impormasyon. Gayon man, kami ay hindi kailangang magpaliwanang sa iyo tungkol sa aming paggamit o pagpapahayag para sa layunin ng pagpapagamot, pagbabayad at pamamalakad sa pangangalaga ng kalusugan, o sa paggamit at pagpapahayag ng iyong protektadong pangkalusugang impormasyon kung saan ikaw ay nagbigay na ng tunay o ipinahiwatig na pahintulot.

IKAW AY MAY KARAPATAN na humiling ng pagbabawal sa ilang paggamit at pagpapaalam ng iyong protektadong pangkalusugang impormasyon. Kami ay hindi kailangang sumang-ayon sa anumang hinihiling na pagbabawal, maliban sa pagpigil sa isang paghingi ng bayad sa tagapaghatid ng seguro na nabayaran nang buo mula sa personal na pondo.

IKAW AY MAY KARAPATAN na makatanggap ng protektadong komunikasyon tungkol sa iyong protektadong pangkalusugang impormasyon.

IKAW AY MAY KARAPATAN na magsampa ng reklamo kung ikaw ay naniniwala na nilabag ang iyong pribadong karapatan. Ang mga reklamo ay maaaring isampa sa San Francisco Fire Department o sa Office for Civil Rights, U.S. Department of Health & Human Services. Ang mga reklamo sa San Francisco Fire Department ay dapat isumite sa pamamagitan ng sulat. Ang paghihiganti para sa pagsasampa ng ganoong reklamo ay ipinagbabawal ng batas.

Ang San Francisco Fire Department ay naglalaan ng karapatan na baguhin ang mga palakad nito tungkol sa pribiledad at ang mga nilalaman ng Pahayag na ito, at gamitin ang binagong palakad sa protektadong pangkalusugang impormasyon na dating ginawa o nattanggap ng walang paunang pasabi. Karapatan mo na humingi ng kopya ng anumang binagong Pahayag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa San Francisco Fire Department Compliance Officer. Ang kasalukuyang kopya ng Pahayag ay matatagpuan din sa aming web site sa: **www.sfgov.org/fire**

Kung ikaw ay mayroong katanungan o komentaryo tungkol sa iyong protektadong pangkalusugang impormasyon, o gusto mong gamitin ang anumang karapatan ng pasyente na nakalista sa itaas, maaari kang makipag-ugnay sa San Francisco Fire Department sa:

**SFFD Compliance Officer**
**698 Second Street**
**San Francisco, CA 94107**
**Phone: (415) 558-3384 Fax: (415) 558-3407**
**FireHIPAA@sfgov.org**



*Magkakabisang petsa ng Binagong Patalastas: 9/23/13*